

## Tungkol sa Ospital

Ang San Diego County Psychiatric Hospital (Ospital) ay nagbibigay ng 24/7 na pangangalaga para sa mga indibiduwal na may edad na 18 at pataas na nakakaranas ng mga problema sa kalusugan ng isip. Tinutulungan ng mga dedikadong kawani na pangmedikal, may kaugnayan sa pag-aalaga at klinikal ang mga indibiduwal sa panahon ng mga emergency sa kalusugan ng isip para tumulong na mapatatag ang kanilang kalagayan at mailipat sila sa hindi gaanong mahigpit na antas ng pangangalaga.

Kapag maaari, mahigpit na nakikipagtulungan ang kawani ng Ospital sa pamilya ng indibiduwal, sistemang nagbibigay ng suporta, at mga tagapag-alaga, at aanyayahan sila sa mga komperensya ng pamilya nang may pahintulot ng indibiduwal. Para matiyak na maaaring ma-access ang pangangalaga at kumpleto ito, mayroong mga serbisyo sa pagsasalin-wika sa site sa mahigit 200 wika.

## Kabuuang Ideya tungkol sa Ospital Pag-admit sa Ospital

Maaaring tanggapin ang mga indibiduwal sa Ospital nang boluntaryo o hindi boluntaryo. Ang hindi boluntaryong pag-admit sa ospital ay batay sa Batas na Lanterman-Petris-Short (LPS), isang batas sa estado ng California na kumokontrol sa hindi boluntaryong pag-detain dahil sa sakit sa isip.

Maaaring mag-isang dumating ang mga pasyente sa Ospital, dalhin ng mahal sa buhay o ng Mobile Crisis Response Team, o ihatid sa pamamagitan ng mga serbisyo sa pagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng pagtawag sa 911. Ang lahat ng pagdating ay nagsisimula sa Pang-emergency na Unit ng Ospital para sa Sakit sa Isip kung saan ginagawa ang mga desisyon tungkol sa pag-admit sa ospital sa pagitan ng indibiduwal na kailangan ng pangangalaga at ang psychiatrist. Kapag hindi kailangang ma-admit sa ospital, maaaring iugnay ang mga indibiduwal sa ibang mga mapagkukunan sa komunidad.

## Mga Mahalagang Numero ng Telepono

San Diego County  
Psychiatric Hospital (619) 692-8232

Pang-emergency  
na Unit para sa  
Sakit sa Isip (619) 692-8222

Parmasya (619) 692-5740

Advocate ng  
Pasyente (619) 282-1134  
(800) 479-2233

Linya para sa  
Access at Krisis (888) 724-7240

TDD para sa May  
Kapansanan sa  
Pandinig (619) 641-6992

Ahensya ng mga Serbisyo sa Kalusugan at  
Tao  
ng County ng San Diego  
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali



San Diego  
County  
Psychiatric  
Hospital

3853 Rosecrans Street  
San Diego, CA 92110

(619) 692-8232



I-scan ang QR code o  
bisitahin  
ang <https://bit.ly/sdcph>  
para sa Mga Madalas  
Itanong o para malaman  
pa ang tungkol sa  
Ospital.



## Paggamot

Ang Mga Team ng Ospital para sa Paggamot ay pinangungunahan ng psychiatrist at may kasamang mga social worker, nurse, recreation therapist, dietitian, at mga pharmacist.

Kasama sa mga serbisyo ng ospital ang:

Apurahang pag-assess ng sakit sa isip at interbensyon sa Pang-emergency na Unit para sa Sakit sa Isip.

Ipinagpatuloy na pag-assess at pagpapatatag ng sakit sa isip sa Unit para sa Pagpapatatag ng Krisis.

Mga serbisyong nagbibigay ng suporta sa Unit para Gumaling mula sa Krisis para itaguyod ang paggaling at kapakanan.

Pangangasiwa ng Pangangalaga para masiguro na mananatiling konektado ang pasyente sa pangangalaga pagkatapos makalabas.

May available na Parmasya sa Site para mapunan ang mga iniresetang gamot.

## Paglabas at Pangangalaga Pagkatapos Makalabas

Nakikipagtulungan ang kawani ng Ospital sa indibiduwal na tumatanggap ng pangangalaga, sa kanilang mga pamilya, at mga provider ng pangangalaga para bumuo ng plano ng paglabas na ligtas at gumagamot. Sa ilalim ng mga regulasyon ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, gagamutin ang mga indibiduwal sa hindi masyadong mahigpit na antas ng pangangalaga na tama para sa kanilang mga pangangailangan. Ang pangangasiwa ng pangangalaga at pag-uugnay sa iba pang mga serbisyo ay ibinibigay bago lumabas.

## Pagiging Kwalipikado Kaugnay sa Pinansyal

Ang mga indibiduwal ay makatanggap ng mga serbisyo anuman ang kanilang kakayahang magbayad, gayunpaman:

- Kung may insurance ang isang tao, maaaring singilin ng Ospital ang kumpanya ng kanilang insurance para sa halaga ng mga serbisyo.
- Ang mga pasyenteng may mga limitadong mapagkukunan ay maaaring maging kwalipikado para sa tulong sa pagbabayad sa pamamagitan ng Medi-Cal, Medicare, o pagpopondo mula sa Short-Doyle Medi-Cal. Nire-refer ang mga pasyente sa isang manggagawa para tukuyin ang pagiging kwalipikado (eligibility worker) para tumulong sa pagkumpleto ng mga form na pampinansyal at malaman ang pagiging kwalipikado sa tulong sa pagbabayad.

## Mga Karapatan ng Pasyente

Ang lahat ng pasyente ng Ospital ay may karapatan sa lubos na pagiging kumpidensyal nang alinsunod sa mga batas ng estado at pederal. Hindi nandiskrimina ang Ospital batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kapansanan o edad, alinsunod sa Title VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil (1964), Seksyon 5604 ng Batas sa Rehabilitasyon (1973), ang Batas sa Diskriminasyon sa Edad (1975), at ang Batas tungkol sa Mga Amerikanong may Mga Kapansanan (1992).

Para makatanggap ng pagkonsulta mula sa Ethics Committee ng Ospital at/o ang Advocate ng Pasyente, humingi ng higit pang impormasyon, o para maghain ng reklamo, kontakin ang Administrator ng Ospital sa (619) 692-8232.

## Accreditation/Paglilisensya

Natutugunan ng San Diego County Psychiatric Hospital ang mahigpit na mga pamantayan sa accreditation ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng California, Sangay sa Paglilisensya at Sertipikasyon, ang Joint Commission, ang Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid, at ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ang pasilidad ay pinangangasiwaan ng Ahensya ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng County ng San Diego, Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali.

## Pagpunta sa Ospital

Ang San Diego County Psychiatric Hospital ay matatagpuan sa 3853 Rosecrans Street. Ito ay nasa kanluran ng Pacific Highway, malapit sa Old Town ng San Diego.

## Bus at Trolley

Ang mga Ruta ng Bus na 8, 9, 28, at 35 ay direktang nagseserbisyo sa Ospital, at may hintuan na malapit sa kanto ng Kurtz at Rosecrans, sa harap ng Ospital.

Sumakay sa Green Line o Blue Line trolley papunta sa Old Town Trolley Station, na mag-iwan sa iyo ng isang block na layo mula sa Ospital.

Tawagan ang San Diego Metropolitan Transit System sa (619) 233-3004 o (619) 685-4900 para sa higit pang impormasyon tungkol sa Ruta ng Bus at mga serbisyo ng Trolley.

## Mga Oras at Patakaran para sa Pagbisita

### Mga Oras para sa Pagbisita

- Lunes-Linggo (kabilang ang mga pista opisyal): 3:00-4:15 p.m.

### Patakaran para sa Bisita

- Ang mga pasyente ay maaaring magkaroon ng hanggang dalawang bisita sa isang pagkakataon.
- Ang lahat ng bisita ay dapat 18 taong gulang o pataas na may valid na uri ng pagkakakilanlan (ID).
- Maaaring hindi payagan ng psychiatrist ang mga bisita hanggang sa handa na ang pasyente.
- Maaaring humiling ang mga pasyente na huwag payagan ang partikular na mga bisita.
- Hindi pinapayagan ang paninigarilyo sa pasilidad.